フィリピノ語版

# Teksto Para sa mga Dayuhang Mag-aaral
# (Kasaysayan ng Daigdig)

外国人生徒のための学習資料（歴史 −世界−）


**Sanggunian ng Edukasyon ng Perepaktura ng Hyogo**

**Sentro ng mga Kabataan na Mula sa Iba't Ibang Kultura**

Talaan ng Nilalaman


**I** Sinaunang Sibilisasyon

1. Apat na Dakilang Sibilisasyon 1
2. Ang Sinaunang Bansang Tsina na Kailangang Tandaan 3

**II** Ang Mundo ng Europa at Islam

1. Ang Paglawak ng Daigdig ng Europa 5
2. Ang Pag-unlad ng Daigdig ng Islam 7

**III** Ang Modernisasyon ng Europa

1. Ang Rebolusyon ng Mamamayan at Rebolusyon ng Industriya 8
2. Ang Pagpasok ng Europa sa Asya 10

**IV** Ang Dalawang Malaking Digmaang Pandaigdig

1. Ang Kilos ng Daigdig sa Panahon ng Unang Digmaang Pandaigdig 12
2. Ang Kilos ng Daigdig sa Panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig 15


**V** Ang Pinagmulan ng Malamig na Digmaan sa Mundo 17

# I Sinaunang Sibilisasyon

## 1. Apat na Dakilang Sibilisasyon

◆ **Tiyakin natin ang sunod-sunod na mga pangyayari**

| Mga Pangyayari sa Daigdig ng Panahong BC | Tsina | Bansang Hapon |
|---|---|---|
| **Higit sa 5 milyong taon ng BC.**<br>**Paglabas ng sangkatauhan** | | **Paleolithic** |
| **Mga 3300 BC. Sibilisasyon ng Mesopotamia** | | |
| **Mga 3000 BC. Sibilisasyon ng Egypt** | | |
| **Mga 2500 BC. Sibilisasyon ng Indus Valley** | | **Jomon** |
| **Mga 1500 BC. Sibilisasyon ng Tsina** | **Sibilisasyon ng Tsina** | |
| | **Yin** | |




**Sibilisasyon ng Mesopotamia**

Lugar: Malapit sa ilog ng Tigris-Euphrates


Letra: Patatsulok na letra

Katangian:

Kalendaryo ng Buwan: Karendaryo na batay sa phases ng buwan

Kodigo ng Batas ni Hammurabi: Batas na ginawa ni Haring Hammurabi

**Sibilisasyon ng Egypt**




Lugar: Malapit sa ilog ng Nile

Letra: Hyeroglipikong letra

Katangian:

Kalendaryo ng Araw: Kalendaryong batay sa mga kilos ng bituin.

Pyramid: Ito ay sinasabi na Nitso ng hari.

**Sibilisasyon ng Indus Valley**

Lugar: Malapit sa ilog ng Indus

Letra: Letrang Indus ☜Ito ay hindi pa mabasa.

Katangian:

Mohenjo-Daro: Lugar ng pagkasira ng lunsod

☜Mayroon malinis na tubig na serbisyo at mga pampublikong banyo.

**Sibilisasyon ng Tsina**

Lugar: Yellow River (Dilaw na Ilog, Huang He)


Letra: Letrang nakatatak sa mga buto ng hayop

☜Naging basehan ng letrang kanji.

Katangian: Ang bansang Yin kung tawagin, ay nabuo.


Ang paggamit ng mga lalagyang tanso

☜Nilalagyan ng alak at mga ani ng pagsasaka sa panahon ng mga piyesta.




## ◆ Tiyakin natin sa mapa

**Apat na Dakilang Sibilisasyon**




## ◆ Pag-isipan natin

(1) Papaano nagkaroon ng kabihasnan?

Dahil sa gumaling ang pagsasaka at pag-aalaga ng mga hayop, napaplano na ang produksyon at nakakapag-imbak na, kaya dumami na ang mga tao. Nagkaroon ng mga paglalaban, ang namumuno sa mga tao ay ang naging hari, nabuo ang bansa, at nagkaroon ng kabihasnan.

(2) Bakit sa mga lugar na ito mabilis nabuo ang kabihasnan?

Dahil nasa lambak ng malaking ilog, madaling magsaka at mag-alaga ng mga hayop sa mga lugar na ito.

## 2. Ang Sinaunang Bansang Tsina na Kailangang Tandaan

◆ **Tiyakin natin ang sunod-sunod na mga pangyayari**

| **Panahon** | **Pangalan ng Bansa** | **Katangian** | **Kapanahunan ng bansang Hapon** |
|---|---|---|---|
| **Ika-16〜15 Siglo BC** | **Yin** | **・Ang Tsina ay ang pinakalumang nabuong bansa.** | **Panahon ng Jomon** |
| **Ika-3 Siglo BC** | **Qin** | **・Si Emperador Shi ang namuno sa bansa.**<br>**・Ang Malaking Pader ng Tsina ay naitayo.**<br>**・Bumagsak sa pag-alsa ng mga magsasakang mamamayan na hindi nasisiyahan sa mahigpit na pamahalaan.** | **Panahon ng Yayoi** |
| **Ika-3 Siglo BC 〜 Ika-3 Siglo AD** | **Han** | **・Ang palakad ng pamahalaan ay naging batay sa mga turo ni Confucious.**<br>**・Ang pag-atake sa mga bansa sa paligid, at ang paggawa ng daanan (silkroad) na humahantong sa mga bansa sa kanluran.**<br>**・Sa kahulihan, nahati ang bansa nang hilaga at timog.** | **Panahon ng Yayoi** |
| **Ika-6 Siglo AD 〜** | **Sui** | **・Pinag-isa muli ang bansa na nahati sa hilaga at timog.**<br>**・Dumating ang kinatawan mula sa bansang Hapon.** | **Panahon ng Asuka** |
| **Ika-7 Siglo AD 〜** | **Tang** | **・Isinagawa ang batas na tinatawag na Ritsuryou.**<br>**・Sumikat ang Buddhismo.**<br>**・Nakipagtulungan kay Silla ng Korea, at tinalo sina Goguryea at Baekje. (Tinulungan ng bansang Hapon si Baekje ngunit natalo sila sa Labanan ng Hakusukinoe.)**<br>**・Dumating ang kinatawan mula sa bansang Hapon.** | **Panahon ng Asuka**<br><br>**Panahon ng Nara**<br>**Panahon ng Heian** |

Hanapin ang bansa ng Korean Peninsula sa isang mapa!

Malaking Pader ng Tsina

Ito ay itinayo upang maiwasan ang paghimasok ng mga lagalag na tao sa hilaga.


Confucianism
Ito ay ang mga turo ni Confucious. Sa panahon ng tagsibol at taglagas at panahon ng sengoku (panahon ng naglalabanang mga estado) (ika-6 na siglo AD), upang maayos ang pag-uugali ng mga tao, pinapaliwanag na kapag sumunod sa tamang asal, gaganda ang kalagayan ng bansa. Ang librong [The Analects of Confucious (Rongo)] ay isang tanyag na libro.

Silk Road
Ang daanan na dumudugtong sa Tsina at Europa sa panahon ng Han. Ginamit ang daanang ito upang dalhin ang mga sutla (silk) mula Tsina papunta sa Imperyo ng Roma kaya tinawag na Silk Road. Mula naman sa kanluran, dinala ang mga kabayo at ubas, at ang Buddhismo din ay nadala.

☜Ang Imperyo ng Roma ay ang malaking imperyo na napag-isa ang Mediteraneo noong unang siglo BC. Ang mga batas, kaalaman sa paggawa ng mga gusali, atbp., ay napakagaling at nauuna.

Batas na Ritsuryo
Batas na nilikha upang pag-isahin ang buong Tsina sa panahon ng Tang. Ang [Ritsu] ay ang nagpapasiya ng mga kaparusahan, at ang [Ryo] naman ay ang nagpapasiya tungkol sa pamumuhay at pagpapalakad ng pamahalaan.

**◆ Tiyakin natin sa mapa**
Ang Korean Peninsula sa huling bahagi ng ika-4 na siglo



# II Ang Mundo ng Europa at Islam

## 1. Ang Paglawak ng Daigdig ng Europa

◆ **Tiyakin sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari**

| Mga Pangyayari sa Daigdig | Bansang Hapon | Mga Pangyayari sa Bansang Hapon |
|---|---|---|
| **Mga Ika-14~15 Siglo Renaissance** | **Muromachi** | |
| **Taong 1453 Nawasak ang Imperyo ng Silangang Roma.** | | |
| | | **Taong 1467 Digmaan ng Onin** |
| **Taong 1492 Dumating si Columbus sa Kanlurang Indya.** | | |
| **Taong 1498 Dumating si Vasco de Gama sa Indya.** | | |
| **Taong 1517 Sinimulan ni Luther ang repormasyon ng relihiyon.** | | |
| **Taong 1522 Nagtagumpay si Magellan sa pag-ikot sa buong mundo.** | **Sen goku** | |
| **Taong 1534 Nabuo ang Pulong ni Hesus (Iezusu Kai).** | | |
| | | **Taong 1543 Napadpad ang mga Portuges sa Tanegashima.** |
| | | **Taong 1573 Nawasak ang Muromachi Bakufu.** |
| | **Azuchi-Momoyama** | **Taong 1600 Ang Digmaan ng Sekigahara** |

Renaissance

Siglo 14 at 15, muling pinag-aralan ang higit na mahusay na sibilasyon ng sinaunang Gresya at Roma, at binuhay muli ang sining at agham. Dahil dito, isang kultura na naka sentro sa tao ang nalikha. Ang ibig sabihin ng renaissance ay [ang pagbuhay muli ng panitikan].

Imperyo ng Roma sa Silangan

Taong 395, ang bansa ng Imperyo ng Roma ay nahati sa silangan at kanluran at nawasak ng Ottoman Turkey nang taong 1453.

Columbus
Sa tulong ng Hari ng Espanya, naghanap ng ruta papunta sa Asya paikot sa kanlurang banda ng Karagatang Atlantiko, at dumating sa isang islang malapit sa Amerika. Pagkatapos tinalo ng mga Espanyol ang katutubong mamamayan ng Amerika at ginawa itong kolonya.

☜Ang kolonya ay isang lugar na pinamamahalaan ng mga banyagang dumating upang manirahan, at pina-unlad.

Vasco de Gama
Manlalakbay na Portuges. Umalis ang kanyang barko mula sa Lisbon noong taong 1479 sa tulong ng Portugal, umikot sa dulo ng kontinenteng timog Aprika at dumating sa Indya.


Repormasyon ng Relihiyon
Upang itama ang pamamaraan ng simbahang Katoliko, isang kilusan upang baguhin ang diwa ng Kristyanong relihiyon.
Si Luther ng Alemanya at si Calvin ng Swiss ay pinarangalan sa pagreporma.

☜Tinawag na Protestante ang mga ito na ang ibig sabihin ay [ang mga sumalungat].

Magellan
Manlalakbay na Portuges. Sa tulong ng Espanya, umikot sa buong mundo.

Pulong ni Hesus
Isang samahan na binuo na ang mga Espanyol ang nangunguna, upang muling itinayo ang iglesia ng Katoliko. Nagpadala ng mga misyonaryo sa Amerika at Asya upang ikinalat ang pananampalataya. Si Fransisco de Xavier ay isa sa mga misyonaryo ng Pulong ni Hesus na ang kanlurang bahagi ng bansang Hapon ang pangunahing lugar na pinalaganapan niya ng paniniwalang Kristyano.

**◆ Tiyakin natin sa mapa** **Ang dinaanang ruta ng barko**




——— Columbus ——— Vasco de Gama ——— Magellan


### ◆ Pag-isipan natin

Bakit ang mga taga-Europa ay kinakailangan pumunta sa Asya?

Sa Europa, nagkalat ang Kristyanismo dahil sa pangangalaga ng bawat hari ng mga bansa. Kaya ang mga misyonaryo ay tumungo sa Asya upang lalong ikalat ito. Sa Europa , mataas ang presyo ng mga kalakal na mula sa Asya gaya ng paminta, rekado at sutla. May mga tao na gustong kumita dahil dito at nagnais na pumunta sa Asya.

## 2. Ang Pag-unlad ng Daigdig ng Islam

### ◆ Tiyakin natin sa mapa **Ang pag-unlad ng Empero ng Islam**




<u>Islam</u>

Isang na relihiyon na sinimulan ni Muhammad sa peninsula ng Arabia noong unang bahagi ng ika-pitong siglo. Itinuturo na sa harapan ng Diyos lahat ay pantay- pantay at maliligtas ang mga tao sa pananampalataya sa nag-iisang Diyos na si Allah.

☜Ang Buddhismo, Kristiyanismo, at Islam ay tinawag na tatlong dakilang relihiyon, dahil maraming mananampalataya .

<u>Empero ng Islam</u>

Ang bansang binuo ng mga tagapagmana ni Muhammad noong ika-walong siglo. Noong ika-siyam na siglo, ito ay naging pinakamalaking bansa sa buong mundo na may populasyong 1,500,000 na tao.

## III Ang Modernisasyon ng Europa

### 1. Ang Rebolusyon ng Mamamayan at Rebolusyon ng Industriya

◆ **Tiyakin natin ang sunod-sunod na mga pangyayari**

| Mga Pangyayari sa Daigdig | Bansang Hapon | Mga Pangyayari sa Bansang Hapon |
|---|---|---|
| **Taong 1688 Maluwalhating rebolusyon ng Britanya** | **Edo** | |
| **Kalagitnaan ng Ika-18 Siglo Ang rebolusyong pang-industriya ng nangyari sa Britanya** | | **Taong 1716 Reporma ng Kyoho** |
| **Taong 1775 Digmaan para sa pagsasarili ng Amerika** | | |
| **Taong 1789 Rebolusyon ng Pransiya** | | **Taong 1787 Reporma ng Kansei** |

**Britanya**

**Maluwalhating Rebolusyon**

Rebolusyong naganap dahil sa pagsalungat sa ganap na monarkiya. Nilinis ng hari ang kongreso, tinanggap ang bagong hari mula Olanda. Naisagawa ang rebolusyong walang dugong umagos.

☜Ang ganap na monarkiya ay, noong ika-16 na siglo, ang pagsupil ng Hari sa aristokrata, relihiyon, kongreso at mga mamamayan, at ang inisagawang pamahalaan ay isang pamamahala ayon sa kanyang kagustuhan.

☜Sa sumunod na taong matapos ang Maluwalhating Rebolusyon (taong 1689), ang bagong hari ay nangako sa kongreso napangangalagaan ang karapatan at kalayaan ng mga mamamayan. Ang pangakong ito [Lista ng Karapatan (Bill of Rights)] ay matagal na naging batayan ng pulitika ng Britanya.

**Rebolusyong Pang-Industriya**

Nadagdagan ang produksyon dahil sa imbesyon at pagganda ng mga makinarya. Sa gayong paraan, sinabing ang industriya ang naging setro ng pagbabago ng lipunan. Umasenso ang produksyon dahil sa kapitalismo. Nang ika-9 na siglo, lumaganap ito sa Pransiya, Alemanya at Estados Unidos.

☜Ang kapitalismo ay mekanismo ng ekonomiya na ang kapitalista na may sapat na kapital ay umuupa ng mga manggagawa, at malaya na gumawa ng mga produkto upang kumita ng pera.

**Amerika**

**Digmaan para sa Pagsasarili**

Taong 1775 naganap ang digmaan para sa pagsasarili mula sa Britanya.

☜Habang isinasagawa ang Digmaan para sa Pagsasarili (taong 1776) naglabas ng Pahayag ng Pagsasarili ang Amerika, na nagsasabi na "Lahat ng tao ay pantay-pantay at pinakadakila ang mga tao".

☜Pagkatapos nanalo s digmaan, ang Amerika na nakapagsarili na ay nagtatag ng Pederal na Saligang Batas at nagpasiyang gumawa ng tatlong kapangyarihang pampulitika.

**Pransiya**

**Rebolusyon ng Pransiya**

Taong 1789, rebolusyon na ang mga tao ay bumangon mula sa walang kasiyahang pulitika ng hari ng bansa, at sa mga dakilang aristokrata. Pinatay ang hari ng bansa, at nabuo ang gobyernong republika na pinamahalaan ng mga taong binoto ng mga mamamayan upang maging kanilang kinatawan.

☜Habang isinasagawa ang Rebolusyon ng Pransiya, inilabas ang Pahayag ng Karapatan ng Tao, na idinidiin na ang lahat ng tao ay may kalayaan at may pantay-pantay na karapatan, at ang kapangyarihang gumawa ng pamahalaan ay nasa mamamayan.

☜Naging Emperador si Napoleon pagtapos ng Rebolusyon ng Pransiya. Pinalaganap niya ang ideya ng rebolusyon.

◆ **Pag-isipan natin**

Dahil sa rebolusyong pang-industrya, ano ang nabago sa lipunan?

Ang bagong lipunan sa rebolusyong pang-industrya ay naging isang makumpetensiyang lipunan na ang layunin ay kumita. Ang may-ari ng mga pabrika na mga kapitalista ay umuupa ng mga manggagawa at pinaparami ang kanilang kinikita. Mahigpit ang buhay ng mga manggagawa, kaya naglaon ay gumawa ng unyon ng mga manggagawa.at ngayon ay mahusay na kondisyon ang hinihingi. At sa karagdagan, ang kritiko ng kapitalismo ay may layunin at nagkaroon ng ideya ng sosyalismo at patas na lipunan na nakasentro sa mga manggagawa.


## 2. Ang Pagpasok ng Europa sa Asya

◆ **Tiyakin natin ang sunod-sunod na mga pangyayari**

| Mga Pangyayari sa Daigdig | Bansang Hapon | Mga Pangyayari sa Bansang Hapon |
|---|---|---|
| | | **Taong 1825 Pasyang pagsalakay sa mga dayuhang barko** |
| **Taong 1840 Digmaang Opyum** | | |
| | | **Taong 1841 Reporma ng Tempo** |
| **Taong 1842 Kasunduan sa Nanking** | | |
| **Taong 1851 Paghihimagsik ng Taiping** | | |
| | **Edo** | **Taong 1853 Perry dumating sa Uraga silungan** |
| | | **Taong 1854 Treaty ng Kanagawa Hapon at ang Estados Unidos** |
| **Taong 1857 Mahusay na mag-alsa ng India** | | **Taong 1858 Treaty ng Pagkakasundo at Commerce** |

**Britanya at China (Qing)**

**Relasyong kalakalan na humantong sa digmaang Opyum**



Digmaang Opyum
Taong 840 nangyari na digmaan ng Britanya at Qing. Ang Britanya ay ibinenta sa Qing ang napuslit na opyum na gawa sa India, at ang Britanya ay tumanggap ng mga tsaa at mga telang sutla. Ngunit tinigil ng Qing ang pagpasok ng kontrabandong opyum, doon inumpisahan ng Britanya ang digmaan sa Qing, natalo ng Britanya ang Qing sa digmaan, at nagkaroon ng pirmahan na Kasunduan sa Nanking.

Kasunduan sa Nanking
Ang hindi patas na kasunduan na pinirmahan ng Britanya na nanalo sa digmaan at ng Qing noong taong 1842. Kasunduan na buksan ang limang pier kasama ang Shanghai, at nakuha ang Hongkong.

Paghihimagsik ng Taiping
Dahil sa gastos ng digmaan at sa halaga ng babayaran dahil sa pagkatalo, tinaasan ng pamahalaan ng Qing ang buwis na sinisingil sa mga magsasaka. Taong 1851, sa layuning gumawa ng isang bansang lahat ay pantay-pantay na walang mayaman o mahirap, nagkaroon ng paghihimagsik ng mga mamamayan. Habang nangyayari ang himagsikan, sinakop ang Beijing (Peking) ng Britanya at Pransiya.

**Britanya at India**
Ang mga Indong sundalo (Sepoy) na namamasukan sa Kompanya ng Silangang India ng Britanya ay nag-alsa laban sa mga nakakataas na opisyal na Ingles, noong taong 1857. Dahil hindi nasisiyahan ang mga Indo sa pagkontrola ng mga Ingles, nagkaroon ng pag-aalsa sa iba't-ibang mga pook. Ngunit ito ay nasupil ng mga Ingles at lubusang naging kolonya ng Britanya ang India.

**◆ Pag-isipan natin**
Anong ginawang supporta ng gobyerno ng Edo period nang malamang natalo sa Digmaang Opyum ang Qing?

Muling tinignan at sinuri ang pasyang pagsalakay sa mga dayuhang barko, sa halip ay binigyan ng gasolina at pagkain ang mga ito upang umalis. At upang paghandaan ang pagsalakay sa ibang bansa, mapusok na pinag-aralan ang teknolohiya at mga bagay tungkol sa kanlurang banyaga.

## IV Ang Dalawang Malaking Digmaang Pandaigdig

### 1. Ang Kilos ng Daigdig sa Panahon ng Unang Digmaang Pandaigdig

◆ **Tiyakin natin ang sunod-sunod na mga pangyayari**

| Mga Pangyayari sa Daigdig | Bansang Hapon | Mga Pangyayari sa Bansang Hapon |
|---|---|---|
| Taong 1882 Ang pagkabuo ng Alyansa ng 3 Bansa | Meiji | Taong 1889 Ang pagproklama ng Konstitusyon ng dakilang Emperyo ng Hapon |
| Taong 1894 Ang digmaan ng Qing at Bansang Hapon | | |
| Taong 1904 Ang digmaan ng Rusya at Bansang Hapon | | |
| Taong 1907 Ang pagkabuo ng Negosasyong Trilateral | | |
| | | Taong 1910 Ang pagsasanib sa Korea |
| Taong 1911 Naganap ang Rebolusyon ng Xinhai sa Tsina. | | |
| Taong 1914 Nag-umpisa ang Unang Malaking Digmaang Pandaigdig | Taisho | |
| Taong 1917 Rebolusyon ng Rusya | | |
| | | Taong 1918 Ang Pagtatalo sa Bigas |
| Taong 1919 Kasunduan ng Versailles | | Taong 1919 March 1 Independence Movement (Samil Movement)<br>May 4 Movement |
| | | Taong 1923 Ang Malaking Lindol ng Kanto |

## Ang daloy ng Unang Malaking Digmaang Pandaigdig

Alyansa ng 3 Bansa
Alemanya - Awstriya - Italya

oposisyon

Negosasyong Trilateral
ng 3 Bansa
Britanya - Pransiya - Rusya

Taong 1914 Ang pagpaslang sa mag-asawang prinsipe ng Awstriya (SARAVEJO INCIDENT)

Taong 1914 Nagsimula ang Unang Malaking Digmaang Pandaigdig.

Ang mga bansang nais makakuha ng kolonya sa pamamamgitan ng lakas ng militar ay sumapi. Ginamit ng bansang Hapon ang alyansa nila sa Briyanya bilang dahilan sa pagsali sa Digmaan.

Taong 1919 Kasunduan ng Versailles

Ang mga nabuong kasunduan sa kapayapaang pag-uusap ng Paris. Natanggal sa Alemanya ang isang bahagi ng kanyang bansa at ang lahat ng kanyang kolonya, at pinagbayad ng kompensasyon.

Taong 1920 Nabuo ang United Nations.

UN

Isinagawa para sa pandaigdigang kapayapaan. Ang punong opisina ay nasa Geneva ng Suwiss. Hindi nakianib ang mga bansang Amerika, Alemanya at Rusya.

## Korea

Kolonisasyon ng Korea

Ginawang kolonya ng bansang Hapon ang Korea at naglagay doon ng isang Gobernador-Heneral ng Korea.

March 1 Independence Movement (Samil Movement)

Ika-1 ng Marso, taong 1919, isang kilusan na naganap sa Korea upang makalaya mula sa bansang Hapon.

**Rusya**

Rebolusyon ng Rusya

Naganap na mga rebolusyon sa Rusya sa buwan ng Marso at Nobyembre ng taong 1917. Nangyari dahil sa hindi nasisiyahan ang mga tao sa emperador at sa pamahalaan, at dahil nagtagal ang digmaan, nahirapan ang mga mamamayan sa kanilang pamumuhay. Nang taong 1922, nabuo ang Unyon ng Sobyet na mga Sosyalistang Republika.

**Tsina**

Rebolusyon ng Xinhai

Ang rebolusyon na nagtapos sa dominasyon ng Qing na ang nasa sentro ay sina Sun Wen. Nabuo ang Republika ng Tsina na ang Nanking ang ginawang kabisera.

Sun Wen

Tinatawag na "Ama ng Rebolusyon sa Tsina". Tinataguyod ang tatlong prinsipyo ng mga mamamayan (nasyonalismo, demokrasya, kabuhayan ng mga tao).

21 mga Sapilitang Kahilingan

Hiniling ng bansang Hapon sa Tsina na ibigay sa kanila ang karapatan at kita sa Shandong Peninsula na ibinigay nila sa Alemanya, at pahabain din ang panahon ng karapatan sa pamamahala ng South Manchuria Railway Coastline, at ang malaking bahagi ng mga kahilingang ito ay sapilitang pinatupad sa Tsina.

May 4 Movement

Kilusang laban sa Hapon at laban sa pamahalaan na kumalat sa buong Tsina. Nagsimula ito sa kilusan ng mga mag-aaral na laban sa 21 mga sapilitang kahilingan ng bansang Hapon sa Tsina.

## 2. Ang Kilos ng Daigdig sa Panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig

◆ **Tiyakin natin ang sunod-sunod na mga pangyayari**

| Mga Pangyayari sa Daigdig | Bansang Hapon | Mga Pangyayari sa Bansang Hapon |
|---|---|---|
| | **Taong 1929 Krisis sa Buong Mundo** | |
| **Mga panlaban sa depresyon ng bawat bansa**<br>• **Bloc Economy**<br>• **New Deal Program**<br>• **Pasismo** | **Showa** | **Taong 1931**<br>**Manchurian Incident**<br>**Taong 1932**<br>**May 15 Incident**<br>**Taong 1936**<br>**February 26 Incident** |
| | **Taong 1937 Digmaan ng Bansang Hapon at Tsina** | |
| **Taong 1939 Umpisa ng Ikalawang Malaking Digmaang Pandaigdig** | | |
| | **Taong 1940 Tatluhang alyansa ng bansang Hapon, Italya at Alemanya** | |
| | **Taong 1941 Digmaan ng Pasipiko** | |
| **Taong 1943 Ang pagsuko ng Italya**<br>**Taong 1945 Ang pagsuko ng Alemanya**<br>**Nagsimula ang UN** | | **Taong 1945 Ang pagtanggap ng Potsdam Declaration** |

Krisis sa Buong Mundo

Noong taong 1929, ang halaga ng mga saping-puhunan (stocks) ay bumagsak, ang mga banko at paktorya ay bumagsak at nagsara, puno ng mga taong walang trabaho ang mga bayan. Ang ganitong kalagayan ay nagumpisa sa Amerika at kumalat sa buong mundo kaya tinawag na krisis sa buong mundo.

Bloc Economy

Isang palakad na isinagawa ng Britanya at Pransiya. Pinalaki ang taripa ng mga bagay galing sa ibang bansa, at inalis ang mga bagay na galing sa ibang bansa sa sariling mga kolonya.

New Deal Policy (Palakad na New Deal)

Simulan ang palakad na ito ni Presidente Roosevelt ng Amerika. Binigyan ng trabaho ang mga walang trabaho sa mga pampublikong industrya. Ginawan ng paraan na makapamili ng marami ang mga mamamayan, at napagaling ang kalagayan ng ekonomiya.

Pasismo

Ang pamahalaang dikatatorya na isinagawa sa Alemanya, Italya at bansang Hapon. Para sa kapakanan ng sariling bansa, nanakop ng ibang bansa, at ang kalayaan at karapatang ng mga mamamayan ay siniil. Sa Alemanya, si Hitler ang namuno sa Partido Nazi, sa Italya naman, si Mussolini ang namuno sa Partido Pasismo.

Digmaan ng Bansang Hapon at Tsina

Ito ay digmaan ng bansang Hapon at Tsina. Binihag ng mga sundalong Hapon ang kabisera ng Tsinang Nanking. Sa pangyayaring ito, maraming mga Intsik ang pinatay. Ang naglalaban sa digmaang sibil na mga Nasyonalista at mga Komunistang pinamumunuan ni Mao Zedong ay nagtulungan at lumaban sa mga sundalo ng bansang Hapon.

Mao Zedong

Pinuno ng Rebolusyong Tsina. Nang taong 1949, ang People's Republic of China ay itinatag.


Tatluhang Alyansa ng bansang Hapon, Italya at Alemanya

Ang militar na alyansa na nag-ugnay sa tumiwalag sa UN na bansang Hapon, Alemanya at Italya.

Ikalawang Malaking Digmaang Pandaigdig

Taon 1939, nagsimula sa pananakop ng Alemanya sa Poland. Ang mga bansa tulad ng Amerika, Britanya at Pransiya na mga bansang magkaanib, ay nakipaglaban sa mga bansang tinatawag na Axis Powers tulad ng Alemanya, Italya at bansang Hapon. Natapos ito sa taong 1945.

### ◆ Tiyakin natin sa mapa




Tiyakin ang lugar na may kaugnayan sa mga sumusunod na bagay.

(1) May 4 Movement (2) Ikalawang malaking digmaang pandaigdig

(3) Krisis sa buong mundo (4) Unang malaking digmaang pandaigdig

V. Ang Pinagmulan ng Malamig na Digmaan sa Mundo

◆ **Tiyakin natin ang sunod-sunod na mga pangyayari**

| Mga Pangyayari sa Daigdig | Bansang Hapon | Mga Pangyayari sa Bansang Hapon |
|---|---|---|
| | Showa<br>Malamig na Digmaan | **Taong 1946** Ang Pagproklama ng Konstitusyon ng bansang Hapon |
| **Taong 1949** Pagkasilang ng People's Republic of China<br>**Taong 1955** Pagpupulong sa Asya at Aprica<br>**Taong 1951** Kasunduan ng Kapayapaan ng San Francisco | | |
| **Taong 1965** Umpisa ng Digmaan ng Vietnam | | **Taong 1972** Okinawa, Panumbalik sa Bansang Hapon<br>**Taong 1978** Kasunduan ng Kapayapaan at Pagkakaibigan ng bansang Hapon at Tsina |
| **Taong 1990** Pagsasamang muli ng Silangan at Kanlurang Alemanya<br>**Taong 1991** Ang pagkabuwag ng USSR | Heisei | |

People's Republic of China

Ito ay isang sosyalistang bansa na itinayo ni Mao Zedong na pinuno ng partidong komunista. Ang kalaban na partidong nasyonalista ay tumakas sa Taiwan.

Digmaan ng Korea

Ito ay isang digmaan na nagsimula noong taong 1950, nang nilusob ng Hilagang Korea ang Republika ng Korea. Natigil pansamantala ang digmaan noong taong 1053, ngunit hanggang ngayon wala pa rin kasunduan ng kapayapaan na naisagawa.

Kasunduan ng Kapayapaan ng San Francisco

Isang kasunduan na nag-ugnay sa bansang Hapon at sa 48 ba mga bansang magkakaanib noong taong 1951 sa San Francisco sa Amerika. Dahil dito, naging malaya ang bansang Hapon sa sumunod na taon. Ngunit ang Okinawa at ang mga isla ng Ogasawara ay nanatiling nasa ilalim ng pamahala ng Amerika. Naibalik sa bansang Hapon ng mga isla ng Ogasawara noong taong 1968 at ang Okinawa naman ay noong taong 1972.

Pagpupulong ng Asya at Aprika (Bandung Conference)

Nagusap-usap ang mga kinatawan ng 29 na bansa tulad ng India, Tsina, Egypt, at Indonesya tungkol sa pagtutol sa pagkolonya at sa mapayapang pakikisamahan.

Digmaan ng Vietnam

Digmaan ng Timog at Hilagang Vietnam. Tinulungan ng Unyong Sobyet ang Hilagang Vietnam at ng Amerika naman ay Timog Vietnam, at naging malala ang paglalaban. Taong 1976, nagkaisa ang Timog at Hilagang Vietnam.

### ◆ Pag-isipan natin

Ano ang malamig na digmaan?

Makalipas ang ikalawang malaking digmaang pandaigdig, nagkaroon ng alitan ang mga bansang kapitalista (bandang kanluran) na ang sentro ay Amerika at mga bansang sosyalista (bandang silangan) na ang sentro ay Unyong Sobyet. Naapektohan din ang buong mundo, at nagkaroon ng mga alitan sa iba't-ibang lugar sa mundo. Sa panahon mula taong 1985 hanggang 1989, humina ang lakas ng bandang silangan dahil sa pagsasama muli ng Silangan at Kanlurang Alemanya, at sa pagkabuwag ng Unyong Sobyet, at natapos ang malamig na digmaan.

発行年月日：2012（平成 24 年） 3 月 31 日
作成・編集：子ども多文化共生センター・姫路獨協大学大学院言語教育研究科
日本語コース
翻訳：高田ジューディス
多田マリアエラウェンダム
山本レメディオス
林田マリトニ
発行：子ども多文化共生センター
〒659-0031 芦屋市新浜町１－２　　電話 0797(35)4537
協力：姫路獨協大学外国語学部外国語学科　教授　山崎　恵　氏